


# Health

## Ikalawang Markahan – Modyul 7: Gampaning Pangkasarian: Paano ka ba dapat?



**Health – Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Ikalawang Markahan – Modyul 7: Gampaning Pangkasarian: Paano ka ba dapat?  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na nag handa ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Teodmhar P. Magno

**Editors:** Ryan E. Depalco, Mark Joevel Buante

**Tagasuri:** Gregorio N. Cainto, Prima S. Jabagat

**Tagaguhit:** Teodmhar P. Magno

**Tagalapat:** Teodmhar P. Magno, Dorely Eliza P. Dela Cruz, Arielyn Mae A. Gudisan

**Tagapamahala:** Ramir B. Uytico

Arnulfo M. Balane  
Rosemarie M. Guino  
Joy B. Bihag  
Ryan R. Tiu  
Nova P. Jorge  
Carmelino P. Bernadas  
Rey F. Bulawan  
Nicolas G. Baylan  
Neil G. Alas  
Imelda E. Gayda  
Abelardo G. Campani

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

## Health

**Ikalawang Markahan – Modyul 7:  
Gampaning Pangkasarian: Paano  
ka ba dapat?**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Ang pagkahubog ng bawat katangian ng babae at lalaki ay napagtitibay ng iba't ibang salik ng lipunan kagaya ng pamilya, medya, relihiyon, at paaralan.

Ang kasarian ng lalaki at babae ay isang bagay na nagdidikta kung ano ang kanilang tungkulin na kailangan gampanan sa isang lipunan na maaaring magbago depende sa kung papaano nito naapektuhan ng mga nasambit na salik.

Layunin ng modyul na ito ang mga sumusunod:

1. Masasabi kung papaano napagtitibay ng pamilya, medya, relihiyon, paaralan at lipunan ang gampaning pangkasarian (**H5GD-IIj-14**); at
2. Makapagbibigay ng mga halimbawa kung papaano nagbabago ang gampaning pang-kasarian ng lalaki at babae (**H5GD-Ij-15**).



## **Subukin**

**Panuto:** Basahin ang bawat pangungusap. Isulat ang salitang **TAMA** kung ito ay totoong gampanin ng isang lalaki o babae at **MALI** kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ang mga kalalakihan ay inaasahang gaganap ng mga tungkulin na mabibigat sa pamilya kung wala ang mga ama.
2. Ang mga kalalakihan ay maghihintay lamang ng suporta ng mga kababaihan.
3. Ang isang lalaki o babae ay puwedeng manilbihan sa bayan.
4. Inaasahan na ang mga kababaihan ay kikilos nang mas agresibo sa paghahanapbuhay kaysa sa mga kalalakihan para sa kanilang pamilya.
5. Inaasahan na ang lalaki ay siyang manliligaw sa babae.
6. Ang mga kababaihan ang siyang susuyo sa mga kalalakihan.
7. Lalaki man o babae ay puwedeng maghanapbuhay para sa pamilya.
8. Ang mga kalalakihan ang siyang magtataguyod ng pamilya.
9. Inaasahan na ang mga kalalakihan ang maglilinis ng bahay at maglalaba.
10. Nararapat na ang kababaihan ang gagabay sa mga bata ng magandang pag-uugali.

## Aralin

# 7

## Gampaning Pangkasarian: Paano ka ba dapat?

Ang gampaning pangkasarian ay nalilinig habang ang bata ay lumalaki. Ito ay naapektuhan at nahuhubog ng iba't ibang salik kagaya ng pamilya, medya, relihiyon at paaralan. Ang bawat salik ay mahalaga para sa inaasahang dapat maging gampaning pangkasarian ng isang lalaki o babae.

Sa araling ito matutunan ng mga mag-aaral kung ano ba ang dapat nagampaning pangkasarian ng isang babae at lalaki.



### ***Balikan***

**Panuto:** Basahin ang mga sumusunod. Isulat ang **S** kung ang parirala ay tumutukoy sa bayolohikal o pisyolohikal na katangian ng isang lalaki o babae, at **K** naman kung ito ay tumutukoy sa panlipunang gampanin, kilos at gawain ng isang lalaki o babae.

1. paglalagay ng 'make-up' sa mukha
2. buwanang dalaw
3. pagpapasuso ng ina sa sanggol
4. pagbubuhat ng mabibigat
5. pagkakaroon ng kalalakihan ng mabibigat na buto



### ***Mga Tala para sa Guro***

Ang modyul na ito ay magsisilbing kagamitan ng mga mag-aaral para mapunan ang mga araling hindi masyadong nabigyang diin sa pagtuturo o naproseso at para rin mapunan ang mga kasanayan sa araw na hindi nila nakuha.



## ***Tuklasin***

**Panuto:** Isulat ang salitang NOON kung ang gampaning pangkasarian ay batay sa kung ito ay turo ng kahapon habang NGAYON naman kung ito ay ang pagbabagong gampaning pangkasarian sa panahon ngayon. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang lalaki lamang ang pwedeng maghanapbuhay.
2. Maaaring tumulong ang isang babae sa pag-igib ng tubig lalo na kung kaya naman niya ito.
3. Ang mga babae at lalaki ay maaaring maglagay ng make-up sa mukha.
4. Ang babae ay inaasahang tagalinis ng bahay at tagalaba.
5. Ang lalaki ay maaaring maglaba ng kanyang mga damit.



## ***Suriin***


Ang gampaning pangkasarian ay pamantayan ng pag-uugali sa lipunan na itinuturing na akma o angkop para sa kasarian ng isang indibidwal. Ang kasarian ng lalaki at babae ay naapektuhan ng mga salik sa lipunan na humuhubog sa kanila.

Narito ang mga salik na nakapagtitibay ng gampaning pangkasarian ng isang lalaki at babae:

1. Pamilya
2. Paaralan
3. Medya
4. Relihiyon

Bawat isa sa mga salik na ito ay may kanya-kanyang mga paraan kung paano nahuhubog ang gamapaninig pangkasarian ng isang lalaki o babae. May mga turo na nagkakarpareho at mayroon din namang nagkakaiba batay na rin sa impluwensya ng takbo ng panahon at sa modernong pamumuhay.

## Ang PAMILYA.



*Iginuhit ni Teodmhar P. Magno, Eastern Samar, SDO*

Simula sa pagkamulat ng bata at pagkalinang ng kanyang kamalayan, ang pamilya ang siyang pinakaunang gabay. Ito ang unang guro sa buhay ng isang batang lalaki o babae na nagpapangaral sa kanya sa mga bagay na dapat at hindi dapat gawin at mga magagandang asal.

Pamilya ang unang humuhubog sa kung ano ba dapat ang gamapanin ng isang lalaki at babae na siyang dapat ipinapakita at ginagawa. Narito ang iilan sa mga pamamaraan kung papaano napagtitibay ng pamilya ang gampaning pangkasarian ng isang babae o lalaki.

- Tuwing kumakain ang pamilya, dito isinisingit ang mga usapin tungkol sa kung ano ba dapat ang ginagawa ng isang lalaki o babae.
- Bawat *bonding time* ng pamilya, itinuturo ng mga magulang ang mga nararapat na asal at pag-uugali ng isang lalaki o babae na makatutulong sa kanya para maging isang responsableng anak at mamamayan.
- Tahasang pinagsasabihan ng isang tatay o nanay yong mga gawaing hindi tama at tama para sa kanilang anak na lalaki o babae.

Narito naman ang mga halimbawa ng mga itinuturo ng pamilya sa mga anak na lalaki o babae.

- Ang mga lalaki ay dapat tumutulong sa mga gawaing bahay kagaya ng,
  - ✓ pag-igib ng tubig;
  - ✓ pagkukumpuni ng mga sirang gamit;
  - ✓ pagtulong sa mga mabibigat na gawain sa bahay; atbp.
- Ang mga kababaihan ay dapat tumutulong sa gawaing bahay kagaya ng,
  - ✓ sa paglilinis ng bahay;
  - ✓ pagwawalis ng sahig;
  - ✓ paghuhugas ng pinggan;
  - ✓ paglalaba; atbp.



Ang PAARALAN.



Iginuhit ni Teodmhar P. Magno, Eastern Samar, SDO

Sa paglaki ng isang batang lalaki o babae, hindi na lamang sa bahay gumagalaw ang kanyang mundo. Sa pagtungtong ng edad na maaring na mga-aral ang bata, paaralan na ngayon ang magsisilbing pangalawang magulang at magbibigay ng pormal na edukasyon. Dito, napagtitibay ang gampaning pangkasarian ng isang lalaki o babae.

Narito ang mga pamamaraan kung papaano nahuhubog at napagtitibay ng paaralan ang gampaning pangkasarian ng isang lalaki o babae.


- Ang lahat ng mga mag-aaral ay nagkakaroon ng oryentasyon sa mga polisiya at *guidelines* sa kung ano ba dapat na kanilang ginagawa bilang mga kalalakihan o kababaihan.
- Tinatalakay ng paaralan sa mga bata ang *pupil o student handbook* na naglalaman ng mga gawaing naayon sa batayan o standards ng paaralan para sa mga batang lalaki at babae.
- Nagkakaroon ng mga buwanang programa na humuhubog sa mga kakayahan ng mga lalaki at babae kagaya ng *Nutrition Month*, Buwan ng Wika, *Science Fair*, *English Month*, atbp.

Narito naman ang ilan sa mga gawaing itinuturo ng mga paaralan sa mga mag-aaral sa mga kalalakihan at kababaihan.

- Ang mga lalaki ay,
  - ✓ dapat nagsusuot ng unipormeng panlalaki;
  - ✓ nagpapagupit ng buhok ayon sa kung ano ang nararapat;
  - ✓ nagbubuhat ng mabibigat na bagay sa loob at labas ng silid- aralan;
  - ✓ tumutulong sa pagkukumpuni sa mga sirang upuan o furniture sa silid-aralan;
  - ✓ puwedeng maupo sa posisyong politikal o manilbihan sa lipunan; atbp.

- Ang mga babae ay,
  - ✓ dapat nagsusuot ng unipormeng pambabae;
  - ✓ tinatali ang buhok kung mahaba, kung maiksi naman ay dapat na nagsusuot ng headband at iba pang gamit;
  - ✓ tumutulong sa paglilinis sa loob at labas ng silid-aralan;
  - ✓ kung kayang buhatin ang isang mabigat na bagay lalo na kung walang lalaking pweding magbuhat nito, ay pwede naman niyang gawin basta ayon lamang sa kanyang kayang mabuhat;
  - ✓ papasok ng presentable sa paaralan;
  - ✓ pwede ring manilbihan sa lipunan o tumakbo para sa posisyong political; atbp.

Ang MEDYA.



*Iginuhit ni Teodmhar P. Magno, Eastern Samar, SDO*

Dahil sa modernong teknolohiya mayroon ang tao ngayon, hindi na lamang ang pamilya at paaralan ang napagkukunan ng aral o ikatuto ng mga bata lalo na sa kanilang gampaning pangkasarian dahil sa impluwensiya ng medya. Sa laro ng teknolohiya ngayon, lahat ay pupuwede nang makita at matutunan sa *cellphone*, *laptop*, o telebisyon sa tulong ng *internet*.

Sa mga programa sa telebisyon, mga ini-upload sa *youtube* na mga iba't ibang *videos*, mga *documentaries*, mga *vlogs* at iba pa, dito nakakakuha ang mga batang lalaki o babae ng iba't ibang impormasyon na inilalapat nila sa kani-kanilang buhay na nakaiimpluwensiya sa kanilang gampaning pangkasarian.

Ilan sa mga ito ay:

- Ang isang lalaki o babae ay may karapatang pumili ng kanilang susundin ayon sa kanilang nakuha batay sa kanilang bagong pinaniniwalaan.
- Maaari ring maghugas ng pinggan at maglaba ang mga kalalakihan.
- Hindi na lamang mga kalalakihan ang pupuweding makagawa ng mga bagay na kadalasang ginagawa nila pati na rin ang mga kababaihan ay maari narin gawin ang mga ito kagaya ng,
  - ✓ pagkukumpuni ng mga sirang kumpyuter, cellphone o laptop;

- ✓ pag-akyat ng mga matatarik na bulubundukin;
- ✓ pagsabak sa pampalakasan kagaya ng wrestling, boxing at iba pa;
- ✓ pagtakbo sa mga halalan para makaupo sa posisyon o magsilbi sa bayan;
- ✓ paghahanap-buhay (propesyonal, opisina o *labor*);
- ✓ pagiging director sa telebisyon o mga gawaing pampelikula; atbp.

Ang RELIHIYON.



*Iginuhit ni Teodmhar P. Magno, Eastern Samar, SDO*

Isa pang nagpapatibay ng gampaning pangkasarian ng isang lalaki o babae ay ang kanyang kinabibilangang relihiyon na sa pamamagitan ng mga doktrinang kaniyang pinapakinggan, siya ay nagagabayan kung ano ang dapat at naaayon sa kasulatan at salita ng Diyos.

May mga programang inihahanda ang iba't ibang simbahan para sa kanilang mga kasapi lalo na para sa kanilang mga miyembro na mga batang lalaki at babae. Ang mga programang ito ay silang nakapaghubog sa inaasahang pag-uugali at gampaning pangkasarian ng isang lalaki o babae kagaya ng sumusunod:

- *Outreach programs*
- *Catechitics*
- *Youth Seminars*
- *Values Formation Programs*


Sa pamamagitan ng mga programang ito, itinuturo dito ang mga gawain na nakapaghubog ng gampaning pangkasarian na kalugod-luogd sa harapan ng Diyos. Ilan sa mga pangaral ay:

- Ang mga lalaki ay inaasahan na sila ang,
  - ✓ magpapakita ng wastong gupit sa buhok para sa mga nakababatang kapatid o kapanalig
  - ✓ mag-aalok ng kasal sa mga napupusuan nila;
  - ✓ magtatrabaho para sa kanilang pamilya;
  - ✓ magpapakita ng magandang asal para sa mga nakababatang kapatid o mga kapanalig;
  - ✓ maghahanapbuhay;

- ✓ magsisilbing lakas ng pamilya;
- ✓ magsisilbi sa Parokya, simbahan, kapilya, mosque sa pamamagitan ng pagiging *altar boy*, *lay minister*, *reader*, *psalmist*, diakono, mang-aawit o ang pagiging pari, ministro; atbp.
- Ang mga babae ay inaasahan na sila ang,
  - ✓ magpapahaba ng buhok;
  - ✓ magsisilbi sa asawa;
  - ✓ gagabay sa mga anak;
  - ✓ magpapakita ng magandang asal para sa mga nakababatang kapatid o kapanalig;
  - ✓ magsisilbi sa simbahan kagaya ng pagiging *reader*, *psalmist*, *diokonesa*, *mang-aawit* o pagiging madre; atbp.

Ilan lamang ito sa mga bagay na nakaiimpluwensya at nakapagpapatibay sa gampaning pangkasarian ng isang lalaki at babae habang sila ay lumalaki.

**Sa makabagong panahon, ang gampaning pangkasarian ay hindi na nakasentro sa dapat na gamapanin ng isang lalaki o babae dahil isinusulong na ngayon ang *gender equality* o ang pagkakapantay-pantay ng bawat isa sa anumang larangan, mapalalaki man o babae, bagay na dapat igalang at pagyamanin.**



## ***Pagyamanin***

**Panuto:** Pumili sa mga pangungusap na nasa kahon kung aling paraan ang tiyak na nakapag-papatibay ng gampaning pangkasarian ng isang lalaki o babae sa mga sumusunod na sitwasyon. Isulat ang titik ng tamang sagot.

- A. Dahil sa iba't ibang programa sa telebisyon at sa ibang pang uri ng medya platform, natutunan ng isang lalaki o babae na ang paghahanapbuhay ay maaaring magawa ng kahit na sinong tao mapalalaki o babae man yan, lalo na sa panahon ngayon.
- B. Ipinangangaral ng mga magulang sa mga anak ang kahalagahan ng pagtulong sa pamilya lalo na kung sila ay magsisipagpamilya na rin. Ang babae ang siyang hahawak ng badyet para sa mga gastosin.
- C. Natutunan sa mga magulang kung sino ang siyang dapat na mag-aasikaso sa pamilya mula sa paghahanda ng pagkain at pagliligpit nito.
- D. Turo sa banal na kasulatan na ang lalaki ay dapat hindi nagpapahaba ng buhok bagkus ay dapat ginugupit kung mahaba na ito. Ang tanging pwedeng magpahaba ng buhok lamang ay yaong mga kababaihan. (Cor. 11:6-7, 14-15)

- E. Parehas ang turo ng mga magulang at paaralan sa mga bata pagdating sa kanilang kasuotan. Ang lalaki ay dapat magsuot kung ano ang panglalaki gayundin ang mga babae.
1. paghuhugas ng mga pinggan
  2. maghanapbuhay lalaki man o babae
  3. Ang kita ng lalaki sa trabaho ay ibibigay sa asawang babae.
  4. magsusuot ng palda ang babae at pantalon/saluwal ang lalaki
  5. Ang lalaki ay magpapagupit ng panlalaki at ang babae ay magpapahaba ng buhok.



## Isaisip

**Panuto:** Buuin ang tatlong pangungusap na ito. Ilagay ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ang gampaning pangkasarian ng isang lalaki at babae ay napagtitibay ng \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_, at \_\_\_\_\_.
2. Sa panahon ngayon, ang gampaning pangkasarian ay hindi na binibigyan diin sa kung ano ang inaassahang gawain ng lalaki o babae dahil \_\_\_\_\_.
3. Dahil sa pagbabago ng pang-unawa at sa hamon ng pamumuhay, ang gawain ng lalaki ay puwede nang gawin ng babae o bise bersa dahil \_\_\_\_\_.



## Isagawa

**Panuto:** Gumuhit ng isang pigurang tao o bata sa isang papel. Sa isa o dalawang pangungusap magbigay ng sariling pagtalakay batay sa naintindihan mong impluwensiya ng pamilya, paaralan, relihiyon at medya sa gampaning pangkasarian ng isang lalaki o babae.

Pamilya	Paaralan
Relihiyon	Medya

Base sa ibinigay mong pagtatalakay, ang gampaning pangkasarian ba na napagtitibay ng bawat salik ay nailalapat ng bawat lalaki o babae sa kanilang buhay lalo na sa panahon ngayon? Bakit kaya?



## Tayahin

**Panuto:** Basahin nang mabuti ang bawat pangungusap. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ang iba't ibang programa kagaya ng Catechism ay isa lamang sa mga gawain ng anong salik na nakapagtitibay ng gampaning pangkasarian ng mga lalaki o babae?  
A. Pamilya  
B. Paaralan  
C. Medya  
D. Relihiyon
2. Sa napakaraming programa sa telebisyon at mga *videos* sa *online platform* kagaya ng *youtube* at mga *social apps* kagaya ng Facebook at Instagram, maraming natutununan ang mga batang lalaki at babae dito na sadyang napakalakas ng hatak sa kanilang gampanin sa buhay. Ang mga nabanggit na mga *platform* ay saklaw ng anong salik?  
A. Pamilya  
B. Medya  
C. Paaralan  
D. Relihiyon
3. Alin sa mga sumusunod na gawain sa paaralan ang nakapagtitibay ng gampaning pangkasarian ng isang lalaki o babae?  
A. youtube  
B. Periodical Tests  
C. Mga Polisiya/Code of Conduct  
D. Catechism
4. Ang pagsali sa mga iba't ibang laro kagaya ng basketball, boxing, volleyball at iba pa ay maaring gawin ng mga kalalakihan o kababaihan na napagtitibay ng lahat ng salik sa iba't ibang pagkakataon at pamamaraan. Alin sa mga salik na iyong nabasa sa modyul na ito ang may malaking bahagi sa pagkalinang ng kakayahan sa isport ng mga batang lalaki at babae?  
A. Paaralan  
B. Relihiyon  
C. Pamilya  
D. Medya
5. Alin sa mga sumusunod ang puwedeng gampanan ng mga kalalakihan o kababaihan?  
A. paglilinis ng silid-aralan  
B. pag-aayos ng computer hardware  
C. pagsilbi sa bayan  
D. lahat ng nabanggit

6. Ang paglilinis at paglalaba ng mga damit ay itinuturo ng pamilya sa mga batang babae at ang pag-iigib at pagkukumpuni ng mga sirang gamit naman sa mga batang lalaki. Subalit, sa panahon ngayon, mapalalaki man o babae ay naisasagawa na ang mga ito ng salitan dahil sa mga madaling pamamaraan ng pagsasagawa na napapanood sa telebisyon at sa ibang *online platform*. Anong salik ang nagpapatibay nito?
  - A. Pamilya
  - B. Relihiyon
  - C. Medya
  - D. Paaralan
  
7. Dahil sa impluwensiya ng medya sa mga batang lalaki o babae, nabibigyan ng kaalaman ang bawat isa na hindi lang pala lalaki o babae ang puwedeng makagawa ng mga tungkulin o gampanin. Alin sa mga sumusunod ang *puwedeng magawa ng lalaki at babae* na napagtibay ng medya?
  - A. paglalagay ng make-up
  - B. paggamit ng sanitary napkin
  - C. pagbubuntis
  - D. pagpapatuli
  
8. Alin sa mga sumusunod ang hindi maaring gampanan ng mga kalalakihan?
  - A. paglalagay ng make-up
  - B. pagbubuntis
  - C. pagluluto
  - D. pangingsda
  
9. Ang pag-aalaga ng mga nakababatang kapatid ay kaninong gampanin?
  - A. kalalakihan
  - B. 'di puwedeng gawin ng lalaki o babae
  - C. kababaihan
  - D. puwedeng lalaki o babae
  
10. Sa mga nakalipas na panahon, ang gampaning pangkasarian ay nakasentro sa inaasahang gawain ng lalaki o babae. Sa modernong kaisipan at panahon, ang gampanin ng lalaki ay puwedeng maisagawa ng babae o bise bersa. Sa ganitong pamamaraan, kinikilala at iginagalang ang pagkapantay-pantay ng lalaki o babae sa usaping gampanin na tinatawag na \_\_\_\_\_?
  - A. gampaninig pangkasarian o *gender role*
  - B. *gender equality*
  - C. kasarian
  - D. sex



## ***Karagdagang Gawain***

**Panuto:** Lagyan ng tsek ( / ) ang bawat bilang kung ang pangungusap o sitwasyon ay nagsasaad ng gender equality o pagkapantay-pantay ng kasarian at ( X ) naman kung hindi. Ilagay ang inyong sagot sa sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. May gaganapin na paligsahan sa paaralan na Dagliang Talumpati. Sa klase ni G. Jaime, halos mga kababaihan ang gustong sumali rito. Binigyan ang bawat klase ng tigdadalawang kalahok na puwedeng makasali rito. Pinili ni Gng. Mercales ang dalawa sa magagaling niyang

mag-aaral sina Arlene at Rodel. Parehas silang may kakayahan sa pagsasalita kaya silang dalawa ang pinili ni Gng. Mercales.

- \_\_\_\_\_ 2. Maraming gawain sa bahay nila Aling Maring dahil sa idaraos na selebrasyon ng kapanganakan ng kaniyang bunsong anak. Pinatulong sina Oscar at Maria sa paglilinis ng bahay at pag-iigib ng tubig. Masayang nagtulongan ang unang dalawang anak ni Aling Maring sa gawaing bahay.
  
- \_\_\_\_\_ 3. Sa Parokya ng San Agustin, nakakatuwang makita na hindi lamang mga batang lalaki ang nagsisilbi sa gawain ng simbahan kundi pati narin ang mga kababaihan. Mayroong nagbasa ng unang pagbasa ng kasulatan na batang lalaki at iyong pangalawa naman ay batang babae. Talagang nakagagalak at siguradong masaya at nalulugod ang Panginoon sa gawaing ito.
  
- \_\_\_\_\_ 4. May kinaaliwan si Mang Rudy na panuorin sa mga nakaupload na *videos* sa *youtube* tungkol sa mga adventures ng mag-asawang *millennial* na sina Mike at Cheska na gumagawa ng makapigil-hiningang gawain kagaya ng pagtalon sa hangin mula sa helicopter o tinatawag na *aerial diving*, pagsurfing sa malalaking alon, at pag-akyat sa matataas na bulubundukin. Ani pa nga niya, “Wooh! Ito ang relationship goal!”
  
- \_\_\_\_\_ 5. Sa negosyo nila Mang Nestor, nakakabilib lang na hindi lang lalaki ang kaniyang kinuhang drayber kundi pati rin babae. At isipin mo ah, malalaking truck ang mayroon sila na dinadrive ng parehong lalaki at babae. Iba!





## Susi sa Pagwawasto

5. TAMA	10. TAMA
4. MALI	9. MALI
3. TAMA	8. TAMA
2. MALI	7. TAMA
1. TAMA	6. MALI
<b>Subukin</b>	

5. S	
4. K	
3. S	
2. S	
1. K	
<b>Balikan</b>	

5. NGAYON	
4. NOON	
3. NGAYON	
2. NGAYON	
1. NOON	
<b>Tuklasin</b>	

5. D	
4. E	
3. B	
2. A	
1. C	
<b>Pagymanin</b>	

1. (Puwede magkapalit-palit) Pamilya, Paarlan, Medya, at Relihiyon 2 at 3. Maaring magkaiiba-iba ang sagot depende sa naintindihan nila.	
<b>Isaisip</b>	

Isagawa Maaring magkaiiba-iba ang sagot. Narito ang rubric na gagamitin para sa pagbibigay ng puntos sa kanila g sagot. 2 puntos – Naitalakay nang maayos ang bawat salik at naipamalas ang laman ng puntos. 1 puntos – Naitalakay nang hindi gaano. Hindi masyadong nailahad ang puntos.	
<b>Isagawa</b>	

5. D	10. B
4. A	9. D
3. C	8. B
2. B	7. A
1. D	6. C
<b>Tayahin</b>	

5. /	
4. /	
3. /	
2. /	
1. /	
<b>Karagdagan Gawain</b>	

## ***Sanggunian***

DepEd Region8. 2016, Sex at Gender at mga Tungkuling Kaakibat Nito, Gabay sa Pagtuturo Health 5 Yunit 2, pp. 1-2

Department of Education. 2016, K to 12 Curriculum Guide in Health, p. 48

DepEd, 2016. Kagamitan ng mag-aaral sa Health 5 Yunit 2

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)